

*Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.*

**Department of Toxic Substances Control (Kagawaran sa  
Pagkontrol ng Nakakalasang Sangkap)**

**Opisyal na Patakaran**

**PATAKARAN SA MGA KARAPATANG SIBIL**

**DTSC-XX-**

**XXXX**

Paksa/Pamagat ng Patakaran  
Patakaran

Opisyal na Numero ng

DRAFT

Petsa ng Pagbigay/Petsa ng Bisa

Title VI Policy and Procedures (DTSC-OP-0025) (Set. 25, 2006)

Pinapalitan ang (Mga) Numero ng Patakaran

Lahat ng Kawani

Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil

Target na Audience

Yunit na Nagbigay

Barbara A. Lee

Direktor

Pangalan

Titulo

DRAFT

Lagda

Petsa ng Paglagda

PATAKARAN SA MGA KARAPATANG SIBIL

PETSA

DTSC-XX-XXXX

*Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.*

## **TALAHANAYAN NG MGA NILALAMAN**

Pahina

- I. PAHAYAG NG PATAKARAN  
.....
- II. LAYUNIN  
.....
- III. MGA MAKABULUHANG AWTORIDAD  
.....
- IV. PAGPAPATUPAD NG  
PATAKARAN.....
- V. MGA KAHULUGAN  
.....
- VI. PANININDIGAN NG DTSC SA MGA KARAPATANG SIBIL .....
- VII. MGA KATANUNGAN AT MGA REKLAMO .....
- VIII. MGA DULUGAN .....

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

## **I. PAHAYAG NG PATAKARAN**

Naninindigan ang Department of Toxic Substances Control (DTSC) sa mga prinsipyo ng hustisya sa kapaligiran, patas na oportunidad at makatarungang serbisyo para sa lahat ng mga indibiduwal sa Estado ng California. Ang DTSC ay patuloy na tumutugon sa nilalayon at mga probisyon ng Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 at California Government Code seksiyon 11135. Pinagsama, ang mga batas na ito ay nagsasaad na walang tao ang hindi isasama sa paglahok sa, tatanggihan ng mga benepisyo ng, o kundiman ay sasailalim sa diskriminasyon sa batayan ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pambansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, o seksuwal na oryentasyon sa anumang programa, serbisyo o pangregulasyong aktibidad na isinagawa ng DTSC. Hindi pahihintulutan ng DTSC ang diskriminasyon laban sa sinumang (mga) tao na naglalayong lumahok sa, o makatanggap ng mga benepisyo ng, anumang programa o mga aktibidad na hinahandog o isinasagawa ng DTSC.

## **II. LAYUNIN**

Ang layunin ng patakarang ito ay para matiyak na isasagawa ng DTSC ang lahat ng tungkulin nito at responsibilidad sa paraang hindi nagdidiskrimina na sumusunod sa mga batas sa karapatang sibil ng pederal at estado, kabilang ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, Executive Order 13166, California Government Code section 11135, at ng California Dymally-Alatorre Bilingual Services Act.

## **III. MGA MAKABULUHANG AWTORIDAD**

Ang sumusunod ay hindi kumpletong listahan ng mga batas ng pederal at estado, mga regulasyon, at gabay na nagbibigay ng pundasyon para sa patakarang ito:

1. Title VI of Civil Rights Act of 1964 (Pub. L. No. 88-352 § 601 (July 2, 1964), 78 Stat. 252.)
2. Exec Order No. 13166, 65 FR 50121 (Aug. 11, 2000)
3. Dymally-Alatorre Bilingual Services Act (Gov. Code, § 7290 et seq.)
4. Gov. Code, § 11135
5. Health and Saf. Code, § 39711
6. The Age Discrimination Act of 1975 ((Pub. L. No. 94-135 (Nov. 28, 1975), codified under 42 U. S. C. § 6101 et seq.)

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

7. Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973 (codified under 29 U.S.C.A § 794)
8. Guidance to Federal Financial Assistance Recipients Regarding Title VI Prohibition against National Origin Discrimination Affecting Limited English Proficient Persons, (Exec. Order No. 13166, 69 Fed. Reg. 35602 (June 25, 2004))
9. Federal Actions to Address Environmental Justice in Minority Populations and Low-Income Populations, (Exec. Order No. 12898, 59 Fed. Reg. 7629 (Feb. 16, 1994))
10. U.S. Environmental Protection Agency, Compliance with Executive Order 13166: Improving Access to Services for Persons with Limited English Proficiency, Feb. 10, 2017, (Class. No. 1000.32)
11. U.S. EPA, External Civil Rights Compliance Toolkit (Jan. 18, 2017)
12. Dept. of Toxic Substances Control, Kettleman Title VI Settlement Agreement, Aug. 10, 2016

#### **IV. PAGPAPATUPAD NG PATAKARAN**

Upang higit pang gabayan ang pagpapatupad ng patakarang ito, ang DTSC ay gagawa, susuri at magbabago kung kinakailangan ng Plano sa Pagpapatupad ng Karapatang Sibil, kabilang, at pinakakaunti na, ang mga hakbang na gagawin ng DTSC para masiguro ang mga proteksiyon sa karapatang sibil sa mga pagpapasya nito sa pagpapahintulot, mga aktibidad sa pagpapatupad, at mga pasya sa paglilinis.

#### **V. MGA KAHULUGAN**

Para sa layunin ng patakarang ito, ang mga kahulugan ng mga terminong nakabalangkas sa ibaba ay lapat:

- a. Nagrereklamo: (Mga) indibiduwal o mga ibang partido na nagsasampa ng reklamo sa mga karapatang sibil sa ilalim ng patakarang ito. Ang indibiduwal na nagbibintang ng mga paglabag sa diskriminasyon ng DTSC bilang paglabag sa mga batas ng karapatang sibil ay maaari ring magtakda ng awtorisadong kinatawan para tumulong sa reklamo ng indibiduwal.
- b. Diskriminasyon: Ang labag sa batas na pagtangga ng patas at parehong access sa programa o aktibidad na hinandog, isinagawa o pinamahalaan ng DTSC batay sa protektadong katangian.

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

- c. Protektadong katangian: Ang katangian ng isang tao na hindi maaaring maging batayan ng diskriminasyon at kasama ang kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pagkaninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, kundisyong medikal, henetikong impormasyon, kalagayan sa pag-aasawa, o sekswal na oryentasyon.

## **VI. PANININDIGAN NG DTSC SA MGA KARAPATANG SIBIL**

Sinasaad ng Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 na “[w]alang tao sa Estados Unidos ang, sa batayan ng lahi, kulay, o pambansang pinagmulan, hindi isasama sa paglahok, tanggihan ng mga benepisyoy, o sumailalim sa diskriminasyon, sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na nakakatanggap ng tulong na pinansiyal sa Pederal.”

Sinasaad ng California Government Code section 11135 na “[w]alang tao sa Estado ng California ang, sa batayan ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pagkaninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, kundisyong medikal, henetikong impormasyon, kalagayan sa pag-aasawa, o sekswal na oryentasyon, ang labag sa batas na tatanggihan ng buo at patas na access sa mga benepisyoy, o labag sa batay na sasailalim sa diskriminasyon sa ilalim, ng anumang programa o aktibidad na isinagawa, pinataakbo o pinamamahalaan ng estado o ng anumang ahensiya ng estado, na direktang popondohan ng estado o makakatanggap ng anumang pinansiyal na tulong mula sa estado.”

Bilang tatanggap ng mga pondong pederal at ng estado, inatasan ang DTSC na sumunod at manindigang sumunod sa Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 at California Government Code Section 11135. Naninindigan ang DTSC sa mga prinsipyo ng hustisya sa kapaligiran, patas na oportunidad at makatarungang serbisyo para sa lahat ng mga indibiduwal sa Estado ng California. Hindi pahihintulutan ng DTSC ang diskriminasyon laban sa sinumang (mga) tao na naglalayong lumahok sa, o makatanggap ng mga benepisyoy ng, anumang programa, serbisyo o aktibidad na hinahandog o isinasagawa ng DTSC. Sisiguruhin ng DTSC, sa pamamagitan ng Office of Administrative Services nito, na ang mga inaatas ng pederal at karapatang sibil ay maisasama sa lahat ng angkop na patakaran, pamamaraan, bid, pagsisiguro, grants, at mga kontrata na pinamamahalaan nito o kung saan mayroon itong mga responsibilidad na pangasiwaan. Magpapalabas ang DTSC ng mga inaatas sa karapatang pederal at sibil sa lahat ng kontratista, subcontractor at benepisyaryo ng pederal at estadong

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

pagpopondo na pinamamahalaan ng DTSC.

Upang matiyak ang pangako ng DTSC sa mga karapatang sibil, bubuo, susuriin, at babaguhin ng DTSC kung kinakailangan ang Planong Pagpapatupad ng Karapatang Sibil, kabilang ang mga hakbang na gagawin ng DTSC upang matiyak ang mga proteksyon sa mga karapatang sibil sa proseso ng pagpapahintulot sa mapanganib na basura, mga inspeksiyon sa pagsunod ng pasilidad ng mapanganib na basura, mga aktibidad ng pagpapatupad sa pasilidad ng mapanganib na basura, at pag-aksyon para mawasto at paglilinis ng mga lugar na dating ginagamit sa pagtatanggol at iba pang mga kontaminadong lugar.

Ang DTSC ay lilikha din, magmementina at gagawing makukuha ng publiko ang lahat ng magagamit na kasangkapan at pagmumulan ng impormasyon, tulad ng CalEnviroScreen, at aktibong pabubutihin at pipinuhin ang mga kasangkapang ito at impormasyon, para matulungan itong sumunod sa patakarang ito at gawin ang Plano nito sa Pagpapatupad ng Mga Karapatang Sibil.

Naninindigan din ang DTSC na aalisin o babawasan ang Limited English Proficiency (LEP) bilang hadlang na ma-access ang mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad at impormasyon ng DTSC sa pamamagitan ng paglaan ng access sa wika sa pamamagitan ng, kabilang sa mga ibang paraan, interpretasyon at pagsasaling-wikang serbisyo. Para masiguro ang maaga, patas at makabuluhang access sa mga taong LEP, ang Plano sa Pagpapatupad ng Mga Karapatang Sibil ng DTSC ay may kasama ring mga plano sa pag-access sa wika na partikular sa programa at serbisyo, kabilang ang mga plano sa access sa wika na kaugnay ng mga pasya sa pagpapahintulot sa pasilidad ng mapanganib na basura, mga plano sa paglilinis at mga grants at ibang mga oportunidad sa pagpopondo. (Tingnan ang Patakarang sa Pag-access ng Wika ng DTSC, DTSC-XX-XXX (PETA).)

## **VII. MGA KATANUNGAN AT MGA REKLAMO**

Para sa mga tanong tungkol sa patakarang ito, mangyaring kontakin ang Office of Civil Rights ng DTSC sa pamamagitan ng telepono sa (916) 324-3094 o sa email [ocr@dtsc.ca.gov](mailto:ocr@dtsc.ca.gov). Maaari mo ring kontakin ang Office of Civil Rights gamit ang facsimile sa (916) 322-2844 o sa pamamagitan ng pagsulat sa:

Attn: Office of Civil Rights  
Department of Toxic Substances Control  
1001 "I" Street, 12th Floor

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

Sacramento, CA 95814

Kung naniniwala ka na sumailalim ka sa asal na labag sa patakarang ito o ibang nagdidiskriminang pagtrato na labag sa mga batas ng karapatang sibil, maaari kang magsampa ng reklamo sa DTSC gamit ang Civil Rights Complaint Form (Form XXXX) ng DTSC, na makukuha sa website ng DTSC sa [http://www.dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC\\_1443.pdf](http://www.dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC_1443.pdf) o sa pagtawag sa Office of Civil Rights ng DTSC sa (916) 324-3094.<sup>1</sup> Higit pang impormasyon tungkol sa proseso sa pagrereklamo sa paglabag sa mga karapatang sibil ng DTSC ay nakalaan sa ibaba.

Kung naniniwala ka na sumailalim ka sa asal na lumalabag sa mga pederal na batas sa karapatang sibil, maaari ka ring magsampa ng reklamo sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng United States Environmental Protection Agency (US EPA). Higit pang impormasyon tungkol sa prosesong ito ay makukuha sa website ng US EPA sa <https://www.epa.gov/ocr>.

### **1. Pagsasampa ng Reklamo sa Karapatang Sibil sa DTSC**

Ang Nagrereklamo ay maaaring magsampa ng reklamo sa DTSC kung sa paniwala ng Nagrereklamo na ang DTSC, kabilang ang mga empleyado o kontratista nito, ay nagdiskrimina laban sa Negrereklamo batay sa kanilang pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, pagkaninuno, relihiyon, edad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, kulay, henetikong impormasyon, lahi, pambansang pinagmulan, katayuan sa pag-aasawa, medikal na kundisyon, o pisikal o mental na kapansanan.

Ang proseso sa pagreklamo na binalangkas sa patakarang ito ay para sa lahat ng bintang ng paglabag sa mga batas ng karapatang sibil laban sa DTSC, kabilang ang mga empleyado at kontratista nito, kabilang ang:

- Pagrepaso ng DTSC ng mga aplikasyon sa pagpapahintulot ng pasilidad ng mapanganib na basura;
- Mga pasya ng DTSC sa pagpapahintulot ng pasilidad ng mapanganib na

---

<sup>1</sup> Ang proseso sa pagrereklamo sa paglabag sa karapatang sibil na nakabalangkas sa polisiyang ito ay para sa hindi empleyado ng DTSC. Ang mga empleyado ng DTSC na nagbibintang ng paglabag sa karapatang sibil ay maaari ring magsampa ng reklamo sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil. Ang karagdagang impormasyon para sa mga empleyado ng DTSC patungkol sa proseso ng pagrereklamo sa paglabag sa karapatang sibil ay makukuha mula sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil.

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

basura, kabilang ang mga apela; at

- Pag-aksyon para mawasto o pasya sa paglilinis ng DTSC.

Maaaring gamitin ng Nagrereklamo ang Civil Rights Complaint Form ng DTSC (Form XXXX) para i-submit ang reklamo niya sa DTSC gamit ang email sa [ocr@dtsc.ca.gov](mailto:ocr@dtsc.ca.gov), sa pamamagitan ng facsimile sa (916) 322-2844, o sa pamamgitan ng mail sa:

Attn: Office of Civil Rights  
Department of Toxic Substances Control  
1001 "I" Street, 12th Floor  
Sacramento, CA 95814

Maaari ding magsampa ang Nagrereklamo ng reklamo sa pamamagitan ng pag-submit ng nakasulat, nilagdaan at may petsang pahayag sa DTSC. Ang nakasulat na pahayag dapat ay:

- Magbigay ng contact impormasyon ng Nagrereklamo, kabilang ang address sa kalye, numero ng telepono, at, kung mayroon, email address;
- Magbigay ng detalyadong pagsasalarawan ng (mga) binibintang na nagdidiskriminang asal;
- Magbigay ng lahat ng alam na impormasyon na kumikilala sa indibiduwal na gumawa ng ibinibintang na (mga) nagdidiskriminang asal, kabilang, kung alam, kung ang indibiduwal ay empleyado ng DTSC o kontratista ng DTSC o subcontractor;
- Magpakilala ang Nagrereklamo bilang taong mayroong protektadong katangian na nagbibintang na nadiskriminahan, o taong awtorisadong kumatawan sa tao o klase ng mga tao na nagbibintang na nadiskrimina; at
- Nagpapakita na nasasaoras ang pagsampa ng reklamo.

Ang nakasulat na pahayag ay maaaring i-submit sa DTSC sa parehong paraan ng Civil Rights Complaint Form (Form XXXX) ng DTSC (tingnan sa itaas).



**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

Ang Nagrereklamo ay dapat siguraduhin na ang reklamo niya ay napapanahon. Para maging napapanahon, lahat ng reklamo ay dapat isampa sa DTSC nang hindi lagpas ng 365 araw makalipas:

- Ang petsa ng binibintang na asal ng diskriminasyon; o,
- Ang petsa kung kailan nalaman ng Nagrereklamo ang binibintang na diskriminasyon; o,
- Ang petsa ng huling diskriminasyon, kung ang parehong asal ay nagpatuloy sa paglipas ng panahon.

## **2. Pagrepaso ng DTSC sa Mga Reklamo sa Karapatang Sibil**

Rerepasuhin ng DTSC ang mga reklamo para malaman kung ang usapin ay nasa loob ng hurisdiksiyon ng DTSC batay kung:

- Nagbigay ang Nagrereklamo ng Civil Rights Complaint Form (Form XXXX) o ibang nakasulat, nilagdaan, at pinetsahang pahayag, tulad ng nakalarawan sa itaas;
- Ang Nagrereklamo na nagdusa sa binibintang na diskriminasyon ay may protektadong katangian o awtorisadong kumatawan sa tao o partikular na protektadong klase ng mga tao na nagbintang na nadiskriminahan batay sa protektadong katangian;
- Ang reklamo ay napapanahong na-submit;
- Kinikilala ng reklamo ang indibiduwal na gumawa ng ibinibintang na (mga) nagdidiskriminang asal, kabilang, kung alam, kung ang indibiduwal ay empleyado ng DTSC o kontratista ng DTSC o subcontractor; at
- Nagbigay ang reklamo ng detalyadong paglalarawan ng (mga) binibintang na asal na pinaniniwalaan ng Nagrereklamo na nagdidiskrimina.

Ipagbibigay-alam ng DTSC ang pagkatanggap ng reklamo sa loob ng 20 araw ng negosyo mula sa pagkatanggap ng reklamo. Sa loob ng 30 araw sa kalendaryo nang ipagbibigay-alam ang pagkatanggap ng reklamo, ang DTSC ay magbibigay sa Nagrereklamo ng nakasulat na abiso kung ang DTSC ay: (1) may hurisdiksiyon at tinatanggap ang reklamo para sa imbestigasyon; (2) tinanggihan ang reklamo; (3) o sinasangguni ang reklamo sa angkop na ahensiya.

***Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.***

Kung matukoy ng DTSC na may hurisdiksiyon nga ito at tanggapin ang reklamo para sa imbestigasyon, magtatalaga ang DTSC ng imbestigador sa reklamo sa loob ng limang (5) araw ng negosyo mula sa pagsagawa ng determinasyong ito.

Kung ang mga pinaalam na katotohanan ng nagrereklamo ay lumalabas na hindi nagdidiskrimina ngunit kailangan ng karagdagang pagrepaso, maaring ipasa ng DTSC, sa diskresyon nito ang reklamo sa loob ng DTSC o sa labas ng DTSC para aksyonan. Aabisuhan ng DTSC ang Nagrereklamo, verbal man o nakasulat, bago isagawa ang paglipat.

### **3. PagImbestiga ng DTSC sa Mga Reklamo sa Karapatang Sibil**

Kapag tumanggap ang DTSC ng reklamo para sa imbestigasyon, magsasagawa ito ng walang kinikilingan at masusing imbestigasyon sa mga bintang. Sa pagkumpleto ng imbestigasyon nito, magpapasya ang DTSC sa mga merito ng reklamo. Aabisuhan ng DTSC ang Nagrereklamo sa pamamagitan ng sulat ang pasya nito sa mga merito ng reklamo sa diskriminasyon.

### **4. Pagiging Kumpidensiyal ng Pagsasampa ng Reklamo sa Karapatang Sibil sa DTSC**

Nagsusumikap ang DTSC na protektahan ang pagiging kumpidensiyal ng Nagrereklamo at lahat ng mga kalahok sa proseso ng pagrereklamo sa karapatang sibil sa pinakamalawak na posible at ayon sa awtorisasyon ng batas. Gayunpaman, ang katangian ng prosesong ito ay hindi nagpapahintulot sa lubos na kumpidensiyalidad. Ang Office of Civil Rights ay maaaring magpalabas ng impormasyon kung kailangan para lutasin ang reklamo. Maaaring magpalabas ang DTSC ng impormasyong nilaan sa proseso ng reklamo sa angkop na tauhan ng DTSC at sa mga panlabas na ahensiya ayon sa inaatas ng batas.

## **VIII. MGA DULUGAN**

- Communication Assistance Resolution Form (Form 1602) ng DTSC:  
[https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC\\_1602.pdf](https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC_1602.pdf) (Ingles)  
[https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC\\_1602E.pdf](https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC_1602E.pdf) (Espanyol)
- Complaint Form for Denial of Services ng DTSC:
- Public Participation Manua ng DTSC:  
<https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/PPP/upload/DTSC-PublicParticipationManual.pdf>.

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

Estado ng California - California Environmental Protection Agency

Department of Toxic Substances Control

**PROSESO SA PAGREREKLAMO SA MGA KARAPATANG SIBIL**

Ang form na ito ay dapat gamitin ng mga miyembro ng publiko para magsampa ng reklamo ng diskriminasyon laban sa Department of Toxic Substance Control (DTSC) ng California na pinaniniwalaan ng indibiduwal na naganap sa administrasyon ng mga programa at serbisyo na hinahandog nito sa publiko. Lahat ng mga reklamo ay dapat isampa sa DTSC na nasa 1001 I Street, Sacramento, CA 95814 –Attention: Civil Rights Compliant, numero ng telepono (916) 324-3094, numero ng facsimile (916) 322-2844.

Mangyaring maingat na basahin ang form na ito at subukang sagutin lahat ang mga tanong na maaaring lapat sa sitwasyon mo. Nakalakip sa Form ng Reklamong ito ang isang Fact Sheet na may pamagat na "How to File a Title VI Discrimination Complaint with DTSC's Office of Civil Rights" na magiging gabay sa pagpuno ng Form ng Reklamong ito.

Kung mayroon kang anumang dokumento na susuporta sa reklamo mo, ilakip ito sa Form ng Reklamong ito.

**1. IMPORMASYON NG NAGREREKLAMO:**

Pangalan	Address ng Tirahan	Numero ng Telepono sa Trabaho
E-Mail Address		Pang-araw na Numero ng Telepono (kung iba)

**2. (MGA) TAO O ENTIDAD NA NADIDISKRIMINA KUNG IBA SA ITAAS:**

Pangalan	Address sa Tahanan o Negosyo	Numero ng Telepono sa Trabaho
E-Mail Address		Pang-araw na Numero ng Telepono (kung iba)

**3. TAO, YUNIT, DIBISYON o KOMPANYA NA NAGDISKRIMINA:**

Yunit, Dibisyon o Kompanya	Address	Numero ng Telepono
Mga Indibiduwal na Pangalan (kung alam)	E-mail Address (kung alam)	

**4. Ano ang nangyari sa iyo? Paano ka nadiskrimina, niligalig o ginantihan? Kung kailangan mo ng karagdagang espasyo, pakigamit ng karagdagang papel.**

PATAKARAN SA MGA KARAPATANG SIBIL

DTSC-XX-XXXX

PETSA

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

5. **Bakit** ka naniniwala na ikaw ay nadidiskrimina, nililigalig o pinaghihigantihan? Halimbawa, naniniwala ka ba na ang nangyari sa iyo o ang nangyayari sa iyo ay dahil sa iyong kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pagkaninuno, pambansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa o seksuwal na oryentasyon? Naniniwala ka ba na ang nangyari o nangyayari sa iyo ay dahil sa **ibang bagay**? Mangyaring gumamit ng karagdagang papel kung kailangan mong lubusang magpaliwanag.

6. **Sino** ang nakasaksi o may kaalaman sa ibinibintang na diskriminasyon, panliligalig o paghihiganti na nirereklamo mo? Pakilista ang mga pangalan ng sinoman at lahat ng mga saksi sa diskriminasyon, panliligalig o paghihiganti. Mangyaring gumamit ng karagdagang papel kung kailangan mo.

7. **Kailan** naganap ang huling paggawa ng diskriminasyon, panliligalig o paghihiganti? Mangyaring maging tiyak sa petsang ito at tukuyin ang pinakamaagang petsa ng diskriminasyon at ang petsa ng diskriminasyon na kamakailan lamang.

Ginagawa ng DTSC ang lahat para protektahan ang pagiging kumpidensiyal sa anumang imbestigasyon, ngunit hindi magagarantiya ang lubusang kumpidensiyalidad. Ang karapatan sa nakatakdang proseso at patas na pagtrato sa lahat ng partido ay nangangailangan na makapanayam ng DTSC ang maraming indibiduwal sa imbestigasyon nito. Poprotektahan at igagalang ang pagiging kumpidensiyal sa abot ng kakayahan na legal. Subalit, hindi magagarantiyahan ang kawalan ng pagkakakilanlan at lubos na kumpidensiyalidad kapag ang reklamo ay ginawa o ang labag sa batas na gawain ay ipinaalam sa DTSC. Mahalaga na panatiliin mong mahigpit na kumpidensiyal ang mga pagdinig ng anumang panayam sa iyo. Pananatiliing kumpidensiyal ang mga file ng reklamo sa lawak ng sakop ng batas.

**PAGPAPATOO AT LAGDA**

Kinukumpirma ko na ang nasa itaas na impormasyon ay totoo sa abot ng aking kaalaman, impormasyon, at paniwala.

\_\_\_\_\_  
Petsa:

\_\_\_\_\_  
Pangalan

**PATAKARAN SA MGA KARAPATANG SIBIL**

DTSC-XX-XXXX

PETSA

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

---

Lagda

BALANGKAS

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

**PAANO MAGSAMPA NG REKLAMO SA MGA KARAPATANG SIBIL**

Naninindigan ang DTSC na siguruhin na walang taong hindi isasama sa paglahok sa, o tatanggihan ng mga benepisyo ng mga serbisyo nito sa batayan ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pambansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa o seksuwal na oryentasyon.

Samakatuwid, kung naniniwala ka na sumailalim ka sa diskriminasyon sa ilalim ng Title VI ng 1964 Civil Rights Act o Government Code section 11135 ng DTSC, maaari kang magsampa ng reklamo sa Office of Civil Rights (OCR) ng DTSC.

Dapat mong isampa ang reklamo mo sa diskriminasyon sa loob ng isang taon ng ibinibintang na diskriminasyon. Subalit, kung hindi mo matuklasan ang mga katotohanan tungkol sa gawaing diskriminasyon hanggang makalipas ang pagkapaso ng isang-taong panahon ng pagsampa, maaaring magkaroon ka ng karagdagang 90 araw para magsampa ng reklamo. Ang address at numero ng telepono para sa OCR ng DTSC ay nakalista sa heading ng Form ng Reklamo.

Kailangan ng OCR ng ilang impormasyon para maimbestigahan ang reklamo mo. Sa kalaunan, pakisiguro na maingat mong sinusundan ang mga tagubilin sa ibaba sa pagsampa ng reklamo mo. Ang mga numero ng tagubilin ay tugma sa mga numero sa Discrimination Complaint Form.

- 1.** Sa ilalim ng **Impormasyon ng Nagreklamo**, pakitakda ang iyong legal na pangalan; address sa tahanan; numero ng telepono ng tahanan; e-mail kung mayroon ka; at; pang-araw na numero ng telepono kung saan ka maaaring maabot.
- 2.** Sa ilalim ng **(Mga) Tao o Entidad na Entidad na Nadidiskriminahan Kung Iba sa Itaas**, pakitakda ang pangalan; address; mga numero ng telepono; at e-mail kung alam mo ito, ng tao o entidad na pinaniniwalaan mong nadiskrimina.
- 3.** Sa ilalim ng **Tao, Yunit, Dibisyon o Kompanya na Nagdiskrimina**, pakitakda ang ilan mang impormasyong mayroon ka patungkol sa entidad o indibiduwal na sa palagay mo ay gumawa ng diskriminasyon.
- 4.** Sa ilalim ng **Ano ang nangyari sa iyo**, pakilaan nang detalyado ang bawat insidente na sa paniwala mo ay nagpakita na:
  - a.** Hindi ka sinama sa partisipasyon sa pederal na pinondohan o programa ng estado o aktibidad;
  - b.** Tinanggihan ka sa mga benepisyo mula sa pederal na pinondohan o programa ng estado o aktibidad; o,
  - c.** Sumailalim ka sa diskriminasyon sa pederal na pinondohan o programa ng estado o aktibidad.
- 5.** Sa ilalim ng **Bakit** ka naniniwala na hindi ka naisama, natanggihan ng mga benepisyo o sumailalim sa diskriminasyon, ang Title VI ng 1964 Civil Rights Act at Government Code section 11135 ay nagbabawal sa hindi pagsama, pagtangi ng mga benepisyo o pagsasailalim sa diskriminasyon dahil sa **kasarian, kulay, relihiyon, pagkaninuno, pambansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, o seksuwal na oryentasyon ng tao**. Para imbestigahan ng OCR ang reklamo mo, dapat kang magbigay ng dahilan sa binibintang na pagtrato. Halimbawa, "Hindi inimbestigahan ng DTSC ang aking reklamo sa kontaminasyon dahil sa aking **pambansang pinagmulan**." Sa halimbawang ito, ang binibintang na dahilan sa pagtangi sa mga serbisyo sa pagpapatupad ng DTSC ay dahil sa **pambansang pinagmulan ng indibiduwal**.
- 6.** Sa ilalim ng **Sino** ang nakasaksi o may kaalaman sa hindi pagsali, pagtangi sa mga serbisyo o

---

PATAKARAN SA MGA KARAPATANG SIBIL

DTSC-XX-XXXX

PETSA

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC  
at para lang sa layunin ng talakayan.**

diskriminasyon, pakitakda ang buong pangalan, numero ng telepono, e-mail ng indibiduwal na maaaring may kaunting kaalaman tungkol sa mga bintang mo.

**7.** Sa ilalim ng **Kailan** naganap ang huling paggawa ng hindi pagsali, pagtanggì sa mga serbisyo o diskriminasyon, pakitakda ang pinakamaagang petsa ng mga gawaing ito at pinakakamakailang gawain ng hindi pagsama, pagtanggì sa mga serbisyo o diskriminasyon.

BALANGKAS